Mabini Review
Volume XVI, No. 2, 2026

Polytechnic University of the Philippines



Submit to this journal
Other related articles
Announcements
Other PUP Journals

Other citation formats:
APA MLA

Makibeki, 'Wag Mashokot: *The Marching of LGBTQIA+ Group Bahaghari for Their Democratic Rights*

Makibeki, 'Wag Mashokot: Ang Pagrampa ng Grupong Bahaghari para sa Kanilang mga Karapatan

Gabriel Joseph A. Barroso
De La Salle University – Manila
gabriel_barroso@dlsu.edu.ph

DOI: https://doi.org/10.70922/7ezh6a45

Copyeditor: ROLANDO P. QUIÑONES, JR.

Article History:

Received: October 17, 2025
Accepted: March 13, 2026
Revised: May 19, 2026

How to Cite this paper:

Barroso, Gabriel Joseph A. "Makibeki, 'Wag Mashokot: Ang Pagrampa ng Grupong Bahaghari para sa Kanilang mga Karapatan." *Mabini Review* 16, no. 2 (2026): 175–202. https://doi.org/10.70922/7ezh6a45.

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2026

CC BY-NC 4.0

Makibeki, 'Wag Mashokot: *The Marching of LGBTQIA+ Group Bahaghari for Their Democratic Rights*

Makibeki, 'Wag Mashokot: Ang Pagrampa ng Grupong Bahaghari para sa Kanilang mga Karapatan

Gabriel Joseph A. Barroso
De La Salle University – Manila
gabriel_barroso@dlsu.edu.ph

Abstrak

Buhay at nananatiling makabuluhan ang kilusang LGBTQIA+ sa Pilipinas. Sa kasalukuyan, patuloy na umiigpaw ang mga bakla mula sa mga kahon at estereotipikal na paglalarawang nagkukulong sa kanila. Makikita ito sa iba't ibang anyo, mula sa taunang pagdadaos ng Pride March hanggang sa pakikisangkot ng mga bakla sa mga pulitikal na gawaing naggigiit ng kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga progresibong organisasyong katulad ng Bahaghari. Ang pananaliksik na ito ay paglalatag ng kasaysayan, kalikasan, layunin, at kampanya ng grupong Bahaghari bilang isang militanteng organisasyon ng mga LGBTQIA+. Kinapanayam ng mananaliksik ang dalawang mataas na opisyal ng Bahaghari, na pinili batay sa kanilang awtoridad at malalim na karanasan sa kilusang LGBTQIA+, at sinuhayan ito ng mga impormasyon mula sa opisyal na praymer at opisyal na Facebook ng organisasyon na naglalaman ng mga tindig ng grupo sa iba't ibang isyu. Layunin ng pananaliksik na ito na makapag-ambag sa mga pag-aaral na tumatalakay sa kilusang LGBTQIA+ sa Pilipinas na posibleng maging tuntungan sa pagsasakaysaysan ng panlipunang pagkilos ng sektor ng mga LGBTQIA+ mula sa hanay ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa bansa. Gamit ang teorya ng RAMPA ni Rowell Madula bilang gabay, tiningnan ng mananaliksik ang paraan ng pag-aangkin ng mga LGBTQIA+ ng kanilang kapangyarihang rumampa at lumahok sa mga panlipunang gawain na nagsusulong ng kanilang mga karapatan. Sa huli, nasuring higit pa sa mga usaping pangkasarian ang mga kampanya at panawagang isinusulong ng Bahaghari.

Mga susing salita: *Bahaghari, kilusang LGBTQIA+, militanteng organisasyon, pagkilos, pambansa-demokratiko*

MABINI REVIEW | Volume XVI, No. 2 (2026): pages 175-202
© 2026 Barroso, G. J. A. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

Abstract

The LGBTQIA+ movement in the Philippines is vibrant and continues to be a significant movement. Currently, members of the LGBTQIA+ sector continue to challenge reductive stereotypes that restrict their character. This is evident through events like the annual Pride March celebration and the LGBTQIA+ sector's active participation in political activities that assert their rights through the formation of progressive organizations like Bahaghari. This paper explores the history, nature, aims, and campaigns of Bahaghari as a militant organization of the LGTBQIA+ sector. The researcher interviewed two high-ranking officials of Bahaghari, who were chosen based on their authority and profound experience in the LGBTQIA+ movement, and the data gathered was supported by the information from the group's official primer and official Facebook containing the organization's stance on various issues. This research aims to contribute to studies discussing the LGTBQIA+ movement in the Philippines which could possibly be used as a springboard for historicizing the social actions of the LGBTQIA+ sector emerging from the national-democratic movement in the country. Using Rowell Madula's theory of RAMPA as a theoretical guide, the researcher investigated how members of the LGBTQIA+ sector can gain ownership of their right to strut and participate in social movements that push for their rights. Ultimately, it is evident that the campaigns and advocacies being pushed by Bahaghari extend beyond the discourse of gender issues, as these campaigns also address the different issues faced by various sectors of society.

Keywords: *Bahaghari, LGBTQIA+ movement, militant organization, movement, national-democratic*

INTRODUKSYON

Samu't saring pagtingin ang umiiral hinggil sa mga miyembro ng komunidad ng LGBTQIA+. Kabilang dito ang mga estereotipikal na paglalarawan sa mga LGBTQIA+ na iniluluwal ng heteronormatibong pamantayan ng lipunan, halimbawa na rito ang maling persepsyon na isang sakit ang pagiging bakla na kailangang gamutin, o kaya naman ay isang yugto sa buhay na lilipas din kalaunan.[1] Sa usapin ng representasyon sa midya, kadalasang nagiging katatawanan ang mga bakla sa pamamagitan ng mga

1 Sofia Virtudes. "C'mon guys, it's 2020: Debunking LGBTQ+ stereotypes," *Rappler*, June 26, 2020, accessed June 29, 2024, https://www.rappler.com/moveph/264832-debunking-lgbtq-stereotypes/

katawa-tawang karakter na nagsisilbing *comic relief* sa mga pelikula o palabas. Bagaman mas lumaganap na ang kamalayan hinggil sa mga LGBTQIA+ sa tulong ng mas malawak na representasyon sa midya, sinasabing malayo-layo pa ang tatahakin upang maging tunay na inklusibo ang lipunan para sa mga bakla. Layunin ng pananaliksik na ito na basagin ang karaniwang nosyon hinggil sa mga LGBTQIA+ na kadalasang naikukulong o naikukupot sa mga espasyong nagkakait ng kapangyarihan at boses sa komunidad.

Sa kabila ng mga estereotipikal na pagtingin sa mga bakla, makikita sa agos ng kasaysayan ang kritikal na pakikibahagi ng mga LGBTQIA+ sa mga pampulitikang pagkilos upang igiit ang kanilang mga karapatan at kapakanan. Sa kontekstong ito, nakatuon ang pag-aaral sa isang pambansa-demokratikong organisasyon ng mga LGBTQIA+ sa bansa, ang Bahaghari. Layunin ng Bahaghari, bilang isang grupo, ang pagsusulong ng mga karapatan ng sektor ng mga LGBTQIA+ sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Sexual Orientation, Gender Identity, and Expression (SOGIE) Equality Bill na naglalayong protektahan ang mga miyembro ng sektor mula sa diskriminasyon batay sa kanilang SOGIE. Layunin din ng organisasyon ang pagsusulong ng iba't ibang mga kampanyang may kaugnayan sa iba pang sektor ng lipunan, kagaya ng pagtataas ng suweldo ng mga ordinaryong manggagawa at pagiging inklusibo ng mga paaralan para sa kabataang LGTBQIA+.

Pangkabuuang layunin ng papel na ito na makapag-ambag sa mga pag-aaral hinggil sa kilusang LGBTQIA+ sa Pilipinas. Gamit ang teorya ng RAMPA ni Rowell Madula,[2] sinipat ng pananaliksik na ito ang kasaysayan ng nasabing organisasyon, ang pamamaraan o pagrampa tungo sa pagsusulong ng iba't ibang kampanya at panawagan, at ang kabuuang estruktura ng grupo sa lente ng kanilang ideolohiya, pulitika, at organisasyunal na kaayusan. Sa prosesong ito, nais masagot ng papel ang sumusunod: ano ang Bahaghari at paano ito umusbong? Anu-ano ang mga adhikahin ng grupo at kung paano ito isinusulong? At paano naka-angkla ang mga adhikaing ito sa kalikasan ng Bahaghari bilang isang organisasyong pang-LGBTQIA+? Bago masagot ang mga ito, marapat ang pagkakaroon ng panimulang pagkilala sa mga pag-aaral na nakatuon sa mga nauna at kasalukuyang pagkilos ng mga bakla na naghahawan ng landas na nirarampahan ng mga organisasyong pang-LGBTQIA+ kagaya ng Bahaghari sa pagsusulong ng kanilang mga karapatan.

2 Rowell Madula, "Rampa sa paglaya: Paglalakbay ng mga bakla sa sangandaan ng pag-ibig at pakikibaka." (PhD diss., De La Salle University, 2012), 66, Animo Repository.

Pagsasakonteksto: Ang kilusang LGBTQIA+

Patunay ang mga kaugnay na literatura sa mahabang kasaysayan ng mga LGBTQIA+ sa pagsusulong ng kanilang mga adhikain. Sa ibang bansa, makikita sa pananaliksik ni Sheila M. Cannon ang pagsusuri ng mga yugto at pag-unlad ng organisasyong Rainbow Umbrella tungo sa lehitimisasyon ng grupo bilang isang organisasyong sibil sa Ireland. Ang pakikibaka ng grupo ay naghawan ng landas upang tingnan ang kapakanan ng mga LGBTQIA+ bilang karapatang pantao.[3] Ipinakilala naman sa papel ni Colin P. Ashley ang iba't ibang kilusang pang-LGBTQIA+ sa Estados Unidos na iniluwal ng Stonewall Riots. Kabilang dito ang mga grupong Citizens Alert at Vanguard na naging integral sa kilusang mapagpalaya ng mga bakla sa Amerika noong dekada 60 hanggang 70.[4] Sa papel nina Maura Kelly at Amy Lubitow, naibahagi ang mga adbokasiya ng organisasyong Pride at Work, isang grupong pang-LGBTQIA+ na nilalahukan ng mga ordinaryong baklang manggagawa sa Estados Unidos. Kabilang sa mga adhikahing ito ang marriage equality, inklusibong serbisyong pangkalusugan para sa mga transgender, at ang Employment Non-Discrimination Act.[5] Makikita mula sa mga pag-aaral na ito na nakikibahagi na noon pa man ang mga LGTBQIA+ sa iba't ibang aktibidad o adbokasiya para isulong ang kanilang mga karapatan. Napili ang mga literaturang ito sapagkat nakapokus din sa mga organisasyong pang-LGBTQIA+ ang mga pananaliksik, bagaman nakatuon ang mga ito sa mga grupo mula sa ibang bansa, bagay na pupunan ng papel na ito sa pamamagitan ng pagbibigay-tuon sa isang lokal na organisasyong pang-LGTBQIA+.

Sa konteksto ng mga LGTBQIA+ sa Pilipinas, umiiral ang mga pag-aaral nina Rowell Madula, Chuckberry Pascual, at J. Neil Garcia, at iba pa na tumitingin sa mga mga adbokasiya ng bakla at pamamaraan ng kanilang pagsusulong. May mga ilang pag-aaral ding nakapagtala sa pagkilos ng mga lokal na organisasyong pang-LGBTQIA+ sa bansa para isulong ang kanilang mga adbokasiya. Sa pananaliksik ni Chuckberry Pascual, nabanggit ang kauna-unahang pagmamartsa ng mga bakla noong 1994 sa Quezon City Memorial Circle upang isulong ang kanilang karapatan at makiisa laban sa oil price hike

3 Sheila M. Cannon, "Legitimacy as Property and Process: The Case of an Irish LGBT Organization," *Voluntas: International Journal of Voluntary and Nonprofit Organizations* 31, no. 1, (2020): 39.

4 Colin P. Ashley, "Gay Liberation: How a Once Radical Movement Got Married and Settled Down," *New Labor Forum* 24, no. 3, (2015): 30.

5 Maura Kelly and & Amy Lubitow, "Pride at Work: Organizing at the Intersection of the Labor and LGBT Movements," *Labor Studies Journal* 39, no. 4, (2014): 258.

sa pangunguna ng Pro-Gay Philippines.[6] Nabanggit naman ng pananaliksik ni John Andrew Evangelista ang pakikiisa ng University of the Philippines Babaylan, ang pinakamatagal na organisasyong pang-estudyante ng mga LGBTQIA+ sa Asya, sa Lantern Parade ng pamantasan noong 1992 upang magprotesta laban sa namamayaning macho-pyudal na kulturang laganap sa unibersidad.[7] Ipinakita rin ni Evangelista ang pagiging inklusibo ng mga organisasyong pang-LGBTQIA+ sa bansa. Ang Bahaghari, halimbawa, ay nagrerekrut ng mga miyembro mula sa uring manggagawa. Ang Metropolitan Community Churches naman ay nagbibigay ng espasyo sa mga LGBTQIA+ na nag-aapuhap ng relihiyosong komunidad na tatanggap sa kanila.[8] Naipakita naman sa pag-aaral ni Cheryll Ruth Soriano kung paano isinusulong ng grupong Ladlad, isang pambansang organisasyon ng mga LGBTQIA+, ang kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng kanilang pagbuo ng birtuwal na komunidad sa Facebook kung saan itinatama nila ang mga maling pananaw hinggil sa pagiging bakla.[9] Mula sa mga pag-aaral na ito, makikitang aktibo na ang pakikilahok ng mga LGBTQIA+ sa bansa upang isulong ang kanilang mga karapatan sa iba't ibang espasyo, birtuwal man o pisikal. Mahalagang batis ang mga pag-aaral na nabanggit upang masipat ang pagkilos ng mga organisasyong pang-LGBTQIA+ sa mga nakaraang taon. Ang mga kaugnay na literaturang ito ay iilan pa lamang sa mga pag-aaral na may kaugnayan sa sektor ng LGTBQIA+ na makikita sa Google Scholar, at nabatid ng mananaliksik ang pangangailangan na tingnan ang iba pang mga organisasyong pang-LGBTQIA+ gaya ng Bahaghari at ang konteksto ng kanilang pagkilos sa kasalukuyang panahon.

Mahalagang tuntungan din ang mga pag-aaral hinggil sa pangkabuuang sektor ng mga LGBTQIA+ sa Pilipinas upang maisakonteksto ang pagkilos ng mga organisasyong pang-LGBTQIA+ para sa kanilang mga karapatan. Sa pag-aaral ni J. Neil Garcia, tinalakay niya ang kasaysayan ng kultura ng mga bakla sa Pilipinas, partikular ang pananaw sa mga salitang ginagamit upang tukuyin ang mga LGTBQIA+. Nabanggit ni Garcia na ang pagiging bakla ay ikinakabit sa mga seksuwal na pagnanasa.[10] Sa artikulong isinulat nina Roselle Alzaga, Dara Ilaya, at Maui Magat, nabanggit naman ang mga patalastas sa telebisyon bilang isang hakbang pasulong sa pagkakaroon ng representasyon ng mga LGTBQIA+

6 Chuckberry Pascual, "Cine Cine Bago Quiere: Homoseksuwalisasyon ng Espasyo ng Sinehan," *Katipunan Journal* 0, no. 2 (2017): 3.

7 John Andrew Evangelista, "Beyond Partying: Characterizing the LGBTQ Movement in the Philippines," *Philippine Social Sciences Review* 70, no. 2 (2021): 64.

8 Ibid., 58.

9 Cheryll Ruth Soriano, "Constructing Collectivity in Diversity: Online Political Mobilization of a National LGBT Political Party," *Media, Culture, and Society* 36, no. 1 (2014): 20.

10 J. Neil Garcia, *Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years* (Quezon City, University of the Philippines Press, 1996), 71.

sa midya, ngunit sa kabila nito, nakukulong pa rin ang nasabing representasyon sa heteronormatibong pamantayan ng lipunan dahil mga lalaking bakla lamang ang primaryang itinatampok.[11] Nagkaroon naman ng tatlong pag-aaral si Rowell Madula hinggil sa kakayahan ng mga LGBTQIA+ sa Pilipinas na makilahok sa mataas na antas ng gawaing pampulitika, ang dalawa ay nailimbag habang ang isa ay ang kanyang disertasyon. Sa unang pag-aaral, sinipat ni Madula ang pagsapi ng mga bakla sa mga lihim na organisasyong kagaya ng Kabataang Makabayan, na siyang bahagi ng at may malapit na ugnayan sa National Democratic Front of the Philippines at Communist Party of the Philippines na nagsusulong ng parliyamentaryo at armadong pakikibaka na may layuning baguhin ang kasalukuyang sistema.[12] Ginamit ni Madula ang deskriptibong pagtalakay upang masipat kung paano pinapalaya ng pambansa-demokratikong kilusan ang mga bakla. Sa isa namang pag-aaral, itinala ni Madula ang proseso ng pagkilala ng mga baklang rebolusyonaryo sa Mindanao sa kanilang tunay na identidad at ang kanilang kapasyahang sumanib sa kilusang mapagpalaya.[13] Ang kanyang disertasyon naman ay nagpapakita ng pagrampa ng mga bakla hindi lamang sa paglaladlad ng kanilang mga kuwentong buhay, kundi maging sa pulitikal na pakikisangkot sa mga rebolusyonaryong gawain na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang lumikha at umangkin ng mga espasyong ipinagkait sa kanila.[14] Mula sa kontekstong ito, makikitang nakikilahok ang mga bakla sa Pilipinas sa militanteng tradisyon ng pakikibaka na makikita mula sa mga grupong nabanggit ni Madula na nakabase sa Mindanao. Sa pangkabuuan, tiningnan ni Madula ang konsepto ng RAMPA bilang pulitikal na akto ng paglaladlad ng mga bakla ng kanilang kuwentong buhay bilang simbolo ng kanilang paglaya. Kagaya ng mga pag-aaral na ito ang pananaliksik ni Jervy Briones, na itinala ang naratibo ng walong miyembro ng New People's Army sa Mindanao na bahagi rin ng sektor ng mga LGBTQIA+.[15] Sapagkat ang mga pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga grupo o miyembro ng LGBTQIA+ sa Mindanao, may pangangailangan ding tingnan ang iba pang organisasyong matatagpuan sa

11 Roselle Alzaga, Dara Ilaya, at Maui Magat, "Katumbas na Halaga ng Bahaghari: Komodipikasyon kapalit ng representasyon sa LGBTQIA+ community," *Ang Pahayagang Plaridel*, August 13, 2022, https://www.plaridel.ph/index.php/2022/08/13/katumbas-na-halaga-ng-bahaghari-komodipikasyong-kapalit-ng-representasyon-sa-lgbtqia-community/

12 Rowell Madula, "Espasyong Bakla sa Rebolusyong Pilipino: Pagsipat sa Paglaladlad ng Lihim na Katauhan sa Lihim na Kilusan," *Malay Journal* 21, no. 2 (2009): 49.

13 Rowell Madula, "Kuwentong Buhay Ng Isang Pambansa-Demokratikong Rebolusyonaryong Bakla sa Rehiyon Ng Katimugang Mindanao," *Humanities Diliman* 13, no. 2 (2016): 27.

14 Rowell Madula, "Rampa sa paglaya: Paglalakbay ng mga bakla sa sangandaan ng pag-ibig at pakikibaka." (PhD diss., De La Salle University, 2012), 66, Animo Repository.

15 Jervy Briones, "Rainbow Guerrillas: Gay and Lesbian Narratives inside the Revolutionary Movement in Mindanao," *Kritika Kultura* no. 39 (2022): 498.

ibang bahagi ng Pilipinas, bagay na pupunan ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay pokus sa pambansang organisasyon na Bahaghari.

Lumilitaw rin sa iba pang pag-aaral hinggil sa mga LGBTQIA+ sa Pilipinas ang patuloy na panawagan ng sektor na protektahan ang kanilang mga karapatan. Tinatalakay ng pananaliksik nina Rod Charlie Delos Reyes at Mark André Blanco ang diskriminasyong kinakaharap ng mga LGTBQIA+ sa bansa. Tinuntungan ito ng mga mananaliksik upang igiit ang kahalagahan ng pagpapasa ng SOGIE Equality Bill sa Pilipinas.[16] Sinusuhayan din ito ng pag-aaral ni Hans Kevin Mandanguit na tiningnan ang progreso ng nakabinbing SOGIE Equality Bill at naipakita ang pagsang-ayon ng maraming Pilipino sa pagkakaroon ng isang batas na magpoprotekta sa mga LGBTQIA+ sa bansa.[17] Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito ang kagyat na pangangailangang protektahan ang sektor ng mga LGBTQIA+ mula sa diskriminasyong kinakaharap ng mga bakla sa pang-araw-araw na buhay, bagay na isinusulong ng grupong Bahaghari.

Makikita sa mga nabanggit na pag-aaral ang pagtalunton ng mga LGBTQIA+ sa Pilipinas sa agos ng kasaysayan – mula sa mga negatibong pagtanaw sa identidad ng bakla, tungo sa representasyon sa midya at pulitikal na pakikisangkot ng mga LGBTQIA+ sa iba't ibang uri ng pakikibaka, hanggang sa patuloy na paggigiit ng kanilang mga karapatan sa kasalukuyan. Datapwat nabanggit sa mga naunang pag-aaral ang ilang mga layunin ng ilang organisasyong pang-LGBTQIA+ at ang lokasyon ng ilang mga miyembro ng sektor kung saan nila isinusulong ang kanilang adbokasiya kagaya ng Mindanao, may pangangailangang talakayin ang kasalukuyang pamamaraan ng pagsusulong ng adhikain ng mga miyembro ng sektor ng LGBTQIA+. Tutugunan ng pag-aaral ang pangangailangang ito sa pamamagitan ng pagtingin sa mga kasalukuyang pamamaraan ng paggigiit ng Bahaghari ng kanilang mga adbokasiya, na magsisilbi bilang karagdagang pag-aaral sa mga pananaliksik na tumitingin sa mga kasalukuyang organisasyong pang-LGBTQIA+ sa Pilipinas.

METODOLOHIYA

Pangangalap ng datos

Sa pangangalap ng datos, nakapanayam ng mananaliksik ang dalawang miyembro ng Bahaghari – isang tagapagsalita ng lokal na balangay ng Bahaghari sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at isang finance officer mula sa Bahaghari

16 Rod Charlie Delos Reyes at Mark André Blanco, "Anti-Discrimination Bill Based on SOGIE: An Occupational Justice Perspective," *Journal of Social Health* 5, no. 1 (2022): 87.

17 Hans Kevin Mandanguit, "The Fight for Equality: The Advancement of SOGIE Equality Bill in the Philippines," (2021): 3.

National Office. Integral na estratehiya ito sa pangangalap ng datos sapagkat nakakuha ang mananaliksik ng mahahalagang impormasyon at datos hinggil sa kasaysayan at kalikasan ng organisasyon, maging ang mga pangunahing kampanyang isinusulong ng Bahaghari mula sa pagkakatatag nito hanggang sa kasalukuyan. Ang pakikipanayam ay isinagawa ng mananaliksik bago mangalap ng mga pahayag sa Facebook na may kaugnayan sa tindig ng organisasyon sa iba't ibang usaping pampulitika. Dito rin nakahalaw ang mananaliksik ng mga kasagutan hinggil sa iba't ibang pamamaraan ng pagsusulong ng Bahaghari ng kanilang mga adhikain at adbokasiya. Ang mga nakapanayam ay nasa tamang gulang, at ipinabatid ng mananaliksik na gagamitin ang kanilang mga sagot para sa pananaliksik na ito.

Narito ang mga katanungang ginamit ng mananaliksik:

1) Paano nagsimula o inianak ang Bahaghari?
2) Anu-ano ang mga kampanya o adhikaing isinusulong ng grupo?
3) Ano ang kahalagahan ng pulitikal na pakikisangkot ng sektor ng LGBTQIA+, partikular ng Bahaghari, sa pagsusulong ng karapatan ng mga bakla?

Sinuhayan naman ng mga impormasyon na nakuha mula sa mga pahayag sa Facebook at opisyal na praymer ng grupong Bahaghari para sa taong 2024 hanggang 2025 ang mga datos na nakuha mula sa mga panayam. Anim na pahayag ng Bahaghari na nakapaskil sa Facebook ang tiningnan ng mananaliksik. Pinili ang mga ito batay sa mga primaryang kampanya at adbokasiya na isinusulong ng Bahaghari upang maipakita ang pangkabuuang layunin at kalikasan ng grupo. Ang mga pahayag na ito ay may temang pumapatungkol sa (1) pagpapasa ng SOGIE Equality Bill, pagsusulong ng SOGIESC Education, at (2) mga primaryang gawain ng Bahaghari, kagaya ng pakikipagkolaborasyon sa mga lokal na yunit ng gobyerno at pribadong sektor. Napili ang mga ito sapagkat sinasalamin ng mga nasabing pahayag ang mga kasalukuyang kampanya na isinusulong ng Bahaghari. Mula sa mga pahayag na ito, nakita ng mananaliksik ang mahahalagang tindig ng Bahaghari hinggil sa mga napapanahong isyung panlipunan, maging ang ilang mga aktibidad at pulitikal na pagkilos na isinasagawa ng organisasyon upang isulong ang kanilang mga adhikain o adbokasiya.

Teoretikal na batayan

Ginamit ng mananaliksik bilang teoretikal na batayan ang teorya ng RAMPA ni Madula. Alinsunod sa teoryang ito, ang pagrampa ng mga bakla ay tinitingnan bilang isang tulay o akto ng paglalakbay kung saan ang mga tinig o boses ng mga baklang naglalahad ng kanilang mga kuwentong buhay ay

naghahawan ng landas tungo sa pag-unawa sa tinatawag na espasyong bakla, at sa prosesong ito ay nabibigyan sila ng angking kapangyarihan.[18] Ang salitang rampa, ayon sa Diksyunaryo ng Wikang Filipino, ay may pagtukoy sa anumang bagay na nagdurugtong sa dalawang antas o kaya'y gilid ng lansangan para maging daanan ng tao.[19] Batay sa teorya ni Madula, ang mga kuwentong buhay na ito ang nagsilbing tagapaglahad ng mga pinagdaanan ng mga bakla sa loob at labas ng mga pampulitikang kilusan. Ang pagrampa bilang tulay ay nagpapakita kung paanong ang mga kwento't karanasan, ang mga pinagmulan at pinagdaanan ng isang bakla sa paglalahad ng kanyang buhay ay siyang nagsisilbing tulay sa pag-unawa sa tinatawag na espasyong bakla. Sa pangangalap ng mga kwentong buhay ng mga bakla, hindi lamang sila nagbabahagi ng kanilang sarili. Sa halip, ito ay isang matapang na pag-aangkin ng kapangyarihan. Ang pagrampang ito ay isang malinaw na representasyon ng pagbalikwas ng mga bakla sa mapang-api at mapagsamantalang lipunan bilang bahagi ng kanilang layunin na unti-unting lumikha ng mga espasyong magiging kanlungan ng mga bakla mula sa iba't ibang espasyo ng lipunan.[20]

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ginamit na teoretikal na batayan ang RAMPA upang tingnan ang kapasyahan ng mga miyembro ng Bahaghari na makilahok sa pambansa-demokratikong pakikibaka bilang akto ng pagrampa na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan, at kung paano nakakatulong ang kanilang kamulatan sa pagrampa patungong pulitikal na pakikisangkot at pakikibahagi sa mga usaping panlipunan. Ang pakikibaka ng mga bakla bilang kanilang akto ng pagrampa ay sumisimbolo sa kanilang paglaya mula sa mga pader na nagkukulong at naglilimita sa kanila. Ang pulitikal na pakikisangkot na ito, na itinuturing bilang akto ng pagrampa ng organisasyon, ang nagsisilbing pundasyon ng Bahaghari sa paglikha ng mga espasyo at plataporma kung saan malaya nilang naisusulong ang kanilang mga adhikahin at adbokasiya.

Etikal na konsiderasyon

Para sa mga nakapanayam, binigyang-linaw ng mananaliksik na pananatalihing kumpedensyal ang mga sensitibong impormasyong kanilang ibabahagi, batay na rin sa kanilang pakiusap o mungkahi. Pinapili rin ng mananaliksik ang mga nakapanayam kung nanaisin nilang gamitin ang kanilang totoong pangalan o kung mas pabor sila sa paggamit ng kanilang palayaw. Pinili ng mga nakapanayam na gamitin ang kanilang mga pangalan para sa pananaliksik na ito.

18 Madula, "Rampa sa paglaya," 66.

19 Ibid., 66.

20 Ibid., 69.

ANG GRUPONG BAHAGHARI

Ang organisasyon

Unang naitatag ang Bahaghari bilang isang maliit na organisasyong pangkomunidad ng mga LGBTQIA+ sa probinsya ng Quezon noong Hunyo 26, 2013, kasabay ng anibersaryo ng Stonewall Manila, o ang kauna-unahang Pride March sa Pilipinas na pinangunahan ng mga grupong Pro-Gay Philippines at Metropolitan Community Church noong 1994.[21] Pangunahing layunin ng organisasyon ang pagsusulong ng mga karapatan ng mga miyembro ng LGBTQIA+, kagaya ng paglaban sa diskriminasyon at pagkakapasa ng SOGIE Equality Bill. Noong Oktubre 11, 2015 – isang taon matapos ang pagpaslang kay Jennifer Laude, isang transwoman na ginahasa at pinatay ng Amerikanong marino na si Joseph Scott Pemberton – muling inilunsad ang Bahaghari bilang isang pangmasang organisasyon. Ayon sa panayam ng mananaliksik kay Olivia Herrera, tagapagsalita ng lokal na balangay ng Bahaghari sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, nakaugat ang muling pagkakatatag na ito ng organisasyon sa pangangailangan na palawigin ang kampanyang masa laban sa kawalan ng hustisya sa walang pakundangang pagpaslang kay Laude. Ayon nga kay Herrera, "sa Bahaghari, naniniwala kami talaga na ang lugar ng beki ay sa pakikibaka."[22] Naging hudyat ang malawakang pagtutol at pagkagalit ng mamamayan sa pagpaslang kay Laude upang bumuo ng pambansang komprehensibong organisasyon ng mga LGBTQIA+ na nagsusulong ng mga karapatan ng mga bakla at nilalabanan ang samu't saring salik na nagpapanatili ng diskriminasyon at karahasang kinakaharap ng komunidad. Ayon kay Reign Montoya, ang ingat-yaman ng nasyonal na balangay ng Bahaghari, sinalubong ang komemorasyon ng unang anibersaryo ng pagpaslang kay Laude ng malawakang protestang tinawag na "Vaklash" (paglalaro sa terminong baklas) na unang nagpakilala sa Bahaghari bilang pangmasang organisasyon sa ilalim ng sektor ng kababaihan.[23]

Ayon sa kasalukuyang datos na nakalap ng mananaliksik, binubuo ang nasyonal na balangay ng Bahaghari ng mahigit 200 miyembro, at pinamumunuan ng isang komiteng tagapagpaganap na bumubuo sa estruktura ng organisasyon. Kabilang dito ang mga sumusunod na posisyon: chairperson, vice chairperson, secretary-general, deputy secretary-general, finance officer, at women's committee head. Mayroon ding mga lokal na balangay ang organisasyon

21 Reign Montoya, panayam sa mananaliksik, Zoom, Hulyo 25, 2024.

22 Herrera, panayam.

23 Montoya, panayam.

sa iba't ibang unibersidad, lungsod, at rehiyon kagaya ng Tacloban at mga internasyonal na balangay sa France at United Kingdom.[24]

Sakop ng mga inisyatiba ng Bahaghari hindi lamang ang mga usapin o isyung may kinalaman sa diskriminasyon at kasarian; bagkus ay nagsusulong din sila ng iba't ibang kampanya na may kinalaman sa kapakanan at karapatan ng mamamayan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan. Ang pagbitbit ng kampanyang masa ay masasabing nakaugat din sa oryentasyon ng grupo bilang isang pambansa-demokratikong organisasyon.

Itinuturing na hinalinhan ng Bahaghari ang mga grupong Pro-Gay Philippines at Lesbians for National Democracy. Dahil magkakahiwalay na grupo ang kinakatawan ng dalawang organisasyon – isa para sa mga lesbiyana at isa para sa mga lalaking bakla – kinalauna'y nagkaroon ng pagkakasundo na magtatag at magkaroon ng iisang organisasyon na magrerepresenta sa pangkabuuang sektor ng mga LGBTQIA+.[25]

Ideolohiya ng organisasyong Bahaghari

Kabilang ang Bahaghari sa hanay ng mga militanteng organisasyon na tumatalima sa kaisipan at praktika ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang pambansa-demokratikong rebolusyon na ito ay pagpapatuloy ng nauna nang rebolusyon na isinulong ng Katipunan noong 1896 laban sa kolonyal na paghahari ng España, ngunit nabigo noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano noong 1898. Ang pagkakaiba lamang ay itinuturing na ang uring manggagawa bilang pangunahing puwersa sa pagsusulong ng bagong tipo ng rebolusyon sa kasalukuyan, hindi tulad ng naunang tipo na mga nanggaling sa hanay ng mga may-kayang uri ng lipunan ang sinasabing pangunahing nagsulong.[26]

Bilang isang pambansa-demokratikong organisasyon, kaisa ang Bahaghari sa mga batayang kampanya upang tutulan ang sinasabing tatlong ugat ng kahirapan: imperyalismo, buruktata kapitalismo, at pyudalismo.[27] Upang bigyang-depinisyon ang mga nabanggit, pinapatungkulan ng imperyalismo ang paghawak o pagkontrol ng malalaki at mga makapangyarihang bansang

24 Montoya, panayam.

25 Herrera, panayam.

26 Jose Maria Sison, "The Filipino People's Democratic Revolution is Invincible," Philippine Revolution Web Central, December 23, 2022, https://philippinerevolution.nu/statements/the-filipino-peoples-democratic-revolution-is-invincible/.

27 Monico Atienza, "Filipino ng Kilusang Pambansa-demokratiko (KPD): Pilosopiya at Pulitika Sa Pambansang Wika," Philippine Social Sciences Review (1998): 172.

kagaya ng Estados Unidos sa ekonomiya, pulitika, at kultura ng isang mas maliit na bansa. Tinutukoy naman ng pyudalismo ang sistema ng produksyon na nakapailalim ang mga magsasaka sa relasyong pyudal na tigib ng pang-aapi at pagsasamantala ng mga panginoong maylupa na nagmamay-ari ng mga lupang kanilang sinasaka. Habang ang burukrata kapitalismo ay pumapatungkol sa pagpapatakbo ng mga makapangyarihang pulitiko sa gobyerno bilang isang negosyo o instrumento upang lalong magpayaman ang mga nakaupo sa puwesto.[28]

Ang oryentasyong ito ang dahilan kung bakit maituturing na katangi-tangi ang Bahaghari sa iba pang mga organisasyong pang-LGBTQIA+.[29] Ang bawat kampanyang isinusulong ng grupo ay nakabatay sa kapakanan ng mga LGBTQIA+ at kung paano niyuyurakan ang kanilang mga karapatan gamit ang mga sistema o estruktura na nagpapahirap din sa iba't ibang sektor ng lipunan. Pinakamatingkad na halimbawa nga nito ay ang mismong kasaysayan ng muling pagkakatatag ng grupo noong 2015. Kung babalikan, naitatag ang grupo noong 2015 sa kawalan ng hustisya sa pagpaslang kay Laude sa Olongapo kung saan naka-istasyon ang ilang baseng pangmilitar ng Estados Unidos sa Pilipinas. Dahil sa Visiting Forces Agreement (VFA) at Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos, pinahihintulutan ng gobyernong Pilipino ang pagpasok ng mga tropang Amerikano sa bansa upang magsagawa ng mga pagsasanay at gawaing pangmilitar katulad ng balikatan exercises na nilalahukan ng mga sundalo mula sa parehong bansa.[30] Kabilang si Pemberton sa mga sundalong bumisita sa Pilipinas noong 2014 para sa Amphibious Landing Exercise ng VFA. Ito ang nagbigay-daan sa pagtatagpo nila ni Laude, na nauwi sa kanyang pagkasawi matapos malaman ni Pemberton na si Laude ay isang transwoman. Matapos matagpuan ang bangkay ni Laude, isinailalim si Pemberton sa kustodiya ng Amerika sa bisa ng VFA. Noong 2020, binigyan siya ng absolute pardon ng dating Pangulong Rodrigo Duterte,[31] at nananatiling mailap ang hustisya para kay Laude sa kasalukuyan. Ito ang dahilan kung bakit iniuugnay ng organisasyong Bahaghari ang kanilang kampanya para sa hustisya kay Laude sa usapin ng VFA at imperyalismong Estados Unidos.

---

28 Partido Komunista ng Pilipinas, M*aikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino*, 4th ed.

29 Herrera, panayam.

30 Michael Bueza. "EXPLAINER: Visiting Forces Agreement," *Rappler*, January 31, 2020, accessed June 29, 2024, https://www.rappler.com/newsbreak/iq/250406-explainer-visiting-forces-agreement/

31 Michelle Abad. "TIMELINE: The killing of Jennifer Laude and release of Joseph Scott Pemberton," *Rappler*, September 9, 2020, accessed June 29, 2024, https://www.rappler.com/newsbreak/iq/timeline-jennifer-laude-killing-joseph-scott-pemberton-release/

Sa mga pahayag ng grupo na inaalala ang aniberasyo ng pagkamatay ni Laude, kapansin-pansing nakakabit ang mga panawagang "Junk VFA-EDCA" kasama ang panawagang hustisya para kay Jennifer Laude. Halimbawa, sa isang pahayag ng grupo noong 2018, malinaw na ipinakita ng organisasyon ang kanilang tindig hinggil sa VFA at EDCA at kung paano nakakaapekto ang mga kasunduang ito sa buhay at kapakanan ng mga LGBTQIA+:

> Hangga't nagpapatuloy ang VFA at EDCA, mananatili ang pagkakaroon ng espesyal na trato sa mga Amerikanong sundalong may ginawang krimen sa bansa, na isa pang manipestasyon ng pagsagasa sa kasarinlan ng Pilipinas sapagkat hindi nito maipatupad ang sariling batas sa sariling teritoryo. Kung gayon, nararapat lamang na ibasura ang mga di-patas na kasunduang pangmilitar sa pagitan ng US at Pilipinas sapagkat pinananatili nitong bulnerable sa karahasan at kawalang-katarungan ang sambayanang Pilipino lalong-lalo na ang kabataan, kababaihan, at LGBT dahil sa mga base at kaliwa't kanang pagsasanay na pangmilitar na nagaganap sa iba't ibang bahagi ng bansa.[32]

Kaugnay ng tindig ng grupo sa VFA-EDCA, naninindigan din ang grupo sa kanilang pagtutol sa niraratsadang mandatory Reserve Officers' Training Corps. (MROTC) sa Kongreso. Ayon sa isang pahayag, sinabi ng grupo na ang pagpapatupad ng MROTC ay "magpapalaganap lamang ng kulturang militaristiko, macho-pyudal, at bulag na pagsunod at magbibigay-daan sa korapsyon at pandarahas lalo na sa mga LGBTQIA+ na estudyante"[33] (personal na salin).

Sa kasalukuyan, patuloy na nagaganap ang balikatan exercises, at isinagawa noong Abril hanggang Mayo 2024 ang pinakamalaking balikatan exercises[34] na magreresulta sa mas pinaigting na presensya ng mga Amerikanong sundalo na, para sa grupo, ay maaaring magdulot ng mas madaming insidente na kahalintulad ng nangyari kay Laude. Mula rito, makikita ang dahilan ng pagtutol ng grupo sa dayuhang militarisasyon at paghahari sapagkat may direktang epekto ito sa buhay ng mga bulnerableng sektor kagaya ng mga LGBTQIA+. Sa diwa ng pambansa-demokratikong oryentasyon, kinikilala ng grupo na ang usapin ng pagsusulong ng mga karapatan ng mga bakla ay hindi

32 Bahaghari, "No to another Jennifer! Junk VFA-EDCA! Pahayag ng Bahaghari-Metro Manila," Facebook, October 11, 2018, https://www.facebook.com/share/p/CeXjSCEJQfE9ZJ9o/.

33 Bahaghari, "No to Mandatory ROTC, Yes to SOGIESC Education!," Facebook, November 17, 2022, https://www.facebook.com/share/p/AYjWJFVX8G3ajFy4/.

34 Bea Cupin. "'Largest Balikatan': What you need to know about the 2024 PH-US military exercise," *Rappler*, April 17, 2024, accessed June 29, 2024, https://www.rappler.com/philippines/things-to-know-balikatan-united-states-military-drills-2024/.

hiwalay sa pakikibaka laban sa mga panlipunang sistema na nagpapahirap sa mamamayang Pilipino.[35]

Mga gawain at aktibidad sa pagsusulong ng mga adbokasiya

Bilang pampulitika at pangmasang organisasyon, karaniwang gawain ng Bahaghari ang pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos. Tampok sa kampanya ng Bahaghari mula 2024 hanggang 2025 ang layuning makapagparami ng kasapian sa pamamagitan ng pag-oorganisa sa hanay ng mga manggagawa at kabataang LGBTQIA+ upang makiisa sa kanilang panawagan para sa pagtataas ng sahod, seguridad sa trabaho, at pagtataguyod ng kanilang mga karapatan.[36]

Ilan sa mga tungkulin ng mga miyembro ng Bahaghari sa usapin ng pag-oorganisa ay ang pagpopropaganda. Isinasagawa ng organisasyon ito sa pamamagitan ng masisiglang kampanya sa pamamagitan ng regular na pakikipagtalakayan sa kasapian, masa, at network ng mga pormasyon na kinabibilangan ng Bahaghari patungkol sa mga kasalukuyang isyung pampulitika; paglalabas at pamamahagi ng mga polyeto; paglalabas ng mga publication material at pahayag ng tindig hinggil sa samu't saring isyu na ilalathala sa iba't ibang plataporma gaya ng social media, mainstream media, at alternatibong midya; at sa pangkabuuan ay pagiging malikhain sa paglalahad o pagtalakay ng mga isyung pumapatungkol sa sahod, trabaho, at karapatan.[37] Halimbawa noong 2020, inilunsad ng grupo ang #AnezDizBill, serye ng mga pampublikong porum sa iba't ibang komunidad, eskwelahan, at lugar pantrabaho upang maipaliwanag at maipakalat ang nilalaman ng SOGIE Equality Bill at ang mga batayang konsepto ng SOGIE. Kasabay nito ay ang pag-oorganisa rin ng grupo ng #MagkapitBeshig – serye ng mga exhibit, pelikula, gig, at mga lokal na pride rally; at ang paggamit ng hashtag na #ShareKoLangTih sa social media upang hikayatin ang publiko na magbahagi ng kanilang mga kuwento at personal na danas hinggil sa pagiging bakla.[38] Ngunit dahil sa malawakang lockdown noong kasagsagan ng pandemyang COVID-19, naudlot ang mga inisyatibang ito.[39]

Alinsunod kay Herrera, napakahalaga ng pag-oorganisa para sa Bahaghari sapagkat tumatalima ang organisasyon sa kaisipan na kolektibo

35 Montoya, panayam.

36 Bahaghari, "Sangkabaklaan, Magkaisa! Ipaglaban ang Sahod, Trabaho, Soberanya, at Karapatan! Wafazin ang Charter Change ng Rehimeng US-Marcos!: Isang Taong Kampanya ng Bahaghari", 4.

37 Ibid., 6.

38 "#AchibDisBill!," Carrd.co, naakses Hunyo 29, 2024, https://achibdisbill.carrd.co/.

39 Montoya, panayam.

dapat – at hindi lamang personal – ang pakikipaglaban ng mga LGBTQIA+ para sa kanilang mga karapatan. Makikita mula sa karaniwang tungkulin ng organisasyon na nakasaad sa kanilang praymer na kagyat at esensyal para sa grupo ang kolektibong pagsusulong ng mga karapatan hindi lamang ng mga LGBTQIA+, kundi maging ng iba't ibang miyembro ng lipunan, kalahok ang samu't saring sektor kagaya ng mga magsasaka, manggagawa, kababaihan, at estudyante.[40]

Bukod sa pagpopropaganda o ang pamamahagi ng mga materyal na may kaugnayan sa kanilang mga adhikain, isang mahalagang tungkulin din ng organisasyon ang gawaing pang-edukasyon. Nagsasagawa ang Bahaghari ng mga educational discussion (ED) sa ilalim ng kanilang "Paaralang Wanda" na ipinangalan sa baklang martir at manunulat-rebolusyonaryo na si Wendell "Wanda" Gumban. Tinatalakay rito ang mga usaping may kaugnayan sa kalagayan ng mga LGBTQIA+ at sektor ng masang anakpawis. Narito ang listahan ng mga karaniwang diskusyon na isinasagawa ng Bahaghari sa masa at kanilang kasapian sa ilalim ng Paaralang Wanda:

Paaralang Wanda Curriculum:

a.) LGBTQ+ Orientation (SOGIE + LGBTQ+ Situationer)
b.) Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino
c.) ESKUM (Espesyal na Kursong Masa – Kabataan, Kababaihan, Magsasaka)
d.) Batayang Kurso sa Kababaihang Pilipino
e.) Wage, Price, and Profit
f.) Neoliberalism
g.) On Imperialism
h.) BPO Situationer at Magna Carta

Nagsasagawa rin ang grupo ng mga inisyal na pagsisiyasat sa kalagayan ng mga LGBTQIA+ sa mga paaralan, pagawaan o pabrika, at mga komunidad upang makabuo ng prelimaryong pagtatasa hinggil sa estado ng mga LGBTQIA+ sa iba't ibang lugar sa bansa. Mula rito, makikita ang pagpapahalaga ng Bahaghari sa pagmumulat ng mga kapwa LGBTQIA+ hinggil sa sitwasyon ng sektor sa bansa at maging sa mga usapin at isyung panlipunan na sumasagka sa mga karapatan at kapakanan ng mga bakla.

40 Herrera, panayam.

Ang pakikipag-alyansa ay isa ring pangunahing tungkulin ng organisasyon. Nabanggit ni Herrera na isa sa mga gawain ng Bahaghari ay ang pakikipagdayalogo at talakayan ng grupo sa mga lokal na yunit ng gobyerno upang maisulong ang pagpapatupad ng mga lokal na anti-discrimination ordinance. Halimbawa, sa isang Facebook post ng organisasyon noong 2022, makikita ang pagbisita ng Bahaghari sa ilang LGBTQIA+ na residente ng Brgy. Mambugan, Antipolo upang malalimang talakayin ang SOGIE Equality Bill at magbahagi ng mga epektibong paraan kung paano mag-organisa at mamuno sa laban para sa karapatang pantao sa kanilang lokal na komunidad.[41]

Noong taong 2024, nakipag-ugnayan din ang Bahaghari sa Angkas – ang sikat na motor taxi ride hailing app sa bansa – sa pakikipagtulungan sa Gabriela Women's Party upang ilunsad ang "ANGKASama sa Kulayaan." Isa itong serye ng mga focus group discussion na layuning mabawasan ang diskriminasyon at berbal na abuso na kinakaharap ng mga babae at LGBTQIA+ na komyuter na gumagamit ng mga transportation network vehicle service sa pamamagitan ng mga gender sensitivity training na ibinibigay sa mga tsuper ng Angkas.[42] Tatlong sesyon ito na nagsimula noong Hulyo hanggang Agosto 2024. Paraan din ito upang makakalap ang Bahaghari ng mga opinyon at sentimyento kung paano mapoprotektahan ang mga tsuper ng Angkas gamit ang SOGIE Equality Bill – patunay na sakop ng panukalang batas ang lahat ng tao, anuman ang kasarian – upang malaman kung ano pa ang maaaring lamanin ng SOGIE Equality Bill at makuha ang suporta ng publiko sa pagsasabatas nito.[43]

Nakikipag-ugnayan din ang grupo sa iba pang mga tradisyunal na organisasyon ng mga LGBTQIA+ sa mga eskwelahan at komunidad upang mag-organisa ng mga aktibidad kagaya ng Pride March sa mga pamantasan. Paraan din ito upang mapalawig ang inaabot na impluwensya ng kampanya ng grupo hinggil sa karapatan ng mga LGBTQIA+, maging ang kampanya para sa sahod, trabaho, at karapatan.[44]

Mula sa pagsipat sa kasaysayan ng organisasyon at mga gawain o aktibidad ng Bahaghari, makikita na ang ideolohiya ng grupo ay alinsunod sa layunin ng mga miyembro nito na itampok at isulong ang mga karapatan ng

41 Bahaghari, "Today, Bahaghari visited members of the LGBTQ+ community in Brgy. Mambugan, Antipolo for an in-depth discussion on the SOGIE Equality Bill," Facebook, February 18, 2022, https://www.facebook.com/share/p/weMoPvaVVdTqvv3e/.

42 Bahaghari, "Angkas collaborates with Bahaghari and Gabriela Partylist to promote SOGIESC on platform workers," Facebook, June 19, 2024, https://www.facebook.com/share/p/ijxw2yiJt6CVuXiQ/.

43 Montoya, panayam.

44 Bahaghari, "Sangkabaklaan, Magkaisa!," 6.

LGBTQIA+ at iba pang sektor ng lipunan. Marapat na masipat ang iba't ibang kampanya at adhikain ng Bahaghari at paraan ng kanilang pagsusulong ng kanilang mga kapakanan.

ANG BEKI SA LARANGAN NG PAKIKIBAKA: MGA KAMPANYA AT ADHIKAIN NG BAHAGHARI AT PARAAN NG PAGSUSULONG

Anti-Discrimination Bill o SOGIE Equality Bill

Isa sa pinakatampok na kampanya ng grupo ay ang Achib Dis Bill, kung saan isinusulong nila ang SOGIE Equality Bill at mga lokal na batas o ordinansa na nagbibigay-proteksyon sa mga LGBTQIA+. Ang SOGIE Bill ay isang panukalang batas na naglalayong ipagbawal ang iba't ibang porma ng diskriminasyon sa mga lugar na kagaya ng eskwelahan, tahanan, trabaho, pampublikong lugar, at iba pa batay sa SOGIE ng isang tao. Nakikipag-ugnayan at dayalogo ang Bahaghari, kabilang ang Gabriela Women's Party, sa iba't ibang lokal na yunit ng gobyerno upang maipaliwanag ang kahalagahan ng mga inklusibong batas at manghikayat ng suporta upang maipasa ang mga ito sa mga lungsod tungo sa pagsasabatas ng Anti-Discrimination bill, na mas kilala rin bilang SOGIE Bill, sa pambansang antas.[45] Saklaw ng panukalang batas na ito ang bawat mamamayan sapagkat ang lahat ng tao ay mayroong SOGIE.[46] Ngunit para sa Bahaghari, kinakailangang kilalanin na ang sektor ng mga LGBTQIA+ ang pinakabulnerable sa karahasan at diskriminasyon base sa SOGIE, kung kaya ang sektor na ito ang pangunahing itinatampok sa panukalang batas.[47] Pero marapat ding linawin na hindi nito binibigyan ng espesyal na proteksyon ang mga LGBTQIA+, taliwas sa karaniwang kaisipan ng ibang tao.

Sa pangkabuuan, layunin ng organisasyon na maipaunawa sa malawak na hanay ng mamamayan ang mga nilalaman ng Anti-Discrimination Bill. Inilunsad ng Bahaghari ang #AchibDisBill 2020 noong 2019 bilang bahagi ng puspusang pagpapalaganap ng grupo sa kahalagahan ng SOGIE Equality Bill upang maisabatas ito sa taong 2020, dalawang dekada mula nang ihain ito sa Kongreso.[48] Unang inihapag ang panukalang batas sa Kongreso noong 2000, ngunit mahigit dalawang dekada na ang nakalilipas ay hindi pa rin ito naipapasa sa Senado upang maging isang ganap na batas. Ito ang itinuturing

45 "The Fight for LGBTQIA+ Protection in the Philippines," Metro Manila Pride, naakses Hunyo 29, 2024, https://mmpride.org/protections/.

46 Montoya, panayam.

47 "#AchibDisBill!," Carrd.co, naakses Hunyo 29, 2024, https://achibdisbill.carrd.co/.

48 Montoya, panayam.

na pinakamatagal na panukalang batas na nanatili sa plenaryo.[49] Bagaman hindi pa rin naipapasa, patuloy pa rin ang pakikibahagi ng Bahaghari sa mga kampanyang nagsusulong ng SOGIE Equality Bill. Naging konsultant ng Gabriela Women's Party ang organisasyon hinggil sa pagsusulong ng SOGIE Equality Bill sa mababang Kongreso upang lalong mapagtibay at maging mas akma sa sitwasyon ng mga LGBTQIA+ ang mga probisyon at resolusyong nakapaloob sa panukalang batas.[50] Lumalahok din sa mga pagdinig sa Senado ang Bahaghari, na kinakatawan ng kanilang tagapangulo na si Reyna Valmores, sa tuwing nakasalang ang panukalang batas sa mga konsultasyon.

Inclusive Schools Now

Sa kasalukuyan, isang matingkad na kampanya na binibitbit ng Bahaghari ay ang #InclusiveSchoolsNow, na nakaugat sa paglaban sa diskriminasyong kinakaharap ng mga estudyanteng LGBTQIA+ sa mga unibersidad. Partikular na pinangunahan ng Bahaghari ang pag-iimbestiga sa isang insidente sa Eulogio "Amang" Rodriguez Institute of Science and Technology (EARIST) na hindi pinayagan ang mga estudyanteng transwoman na mag-enroll at pumasok hangga't hindi nagugupitan ang kanilang buhok. Naging kontrobersyal ito sapagkat ang pagkakaroon ng mahabang buhok ay isang porma ng gender expression, lalo na para sa mga miyembro ng LGBTQIA+ na nagpapakilala bilang trans.[51] Naging viral sa social media ang isang bidyo na nagpapakita na ginugupitan ng buhok ang mga estudyanteng trans, na umani ng samu't saring reaksyon. Bilang tugon, tinulungan ng Bahaghari ang mga mag-aaral ng nasabing institusyon upang makipag-ugnayan sa administrasyon ng pamantasan. Kinalampag ng Bahaghari ang administrasyon ng EARIST at nakipag-dayalogo kay Prospero De Vera III, ang tagapangulo ng Commission on Higher Education (CHED).

Maituturing na tagumpay ang nasabing kampanyang ito ng Bahaghari dahil nagawang irebisa ng EARIST ang kanilang dress code policy na nag-uutos na tumalima sa tamang haba ng buhok at magsuot ng unipormeng panlalaki ang mga estudyanteng ipinanganak bilang lalaki.[52] Bunga ng pagpoprotesta ng mga miyembro ng Bahaghari at pakikipagdayalogo sa mga opisyal ng EARIST at CHED, napagsang-ayunan ang resolusyon na papayagang makapasok at mag-enroll sa eskwelahan ang sinumang estudyante, gaano man kahaba ang

49 Tracy Ildefonso, "SOGIE equality bill deliberations in the 18th Congress of the Philippines: a persisting battle against discrimination." *South East Asia Research* 32, no. 1 (2024).

50 Montoya, panayam.

51 Herrera, panayam.

52 Ibid.

kanilang buhok.[53] Ngunit bago pa man pumutok ang isyu ng nasabing insidente sa EARIST, nauna nang nilapitan ng mga LGBTQIA+ na estudyante mula sa Capiz State University ang Bahaghari upang hingan ng tulong hinggil sa mga represibong polisiya ng kanilang pamantasan. Natulungan din sila ng grupo sa pakikipag-ugnayan sa mga abogado mula sa non-governmental organization na Rainbow Rights Philippines.[54]

Para kay Herrera, malaking bahagi ng inisyal na tagumpay na iyon ang pag-oorganisa sa hanay ng mga LGBTQIA+ sa EARIST. Dahil sa kontrobersyal na isyu, nagawa ng Bahaghari na magtatag ng lokal na balangay sa EARIST upang matagumpay na mairehistro ang mga kampanya at panawagan ng mga baklang estudyante ng nasabing institusyon. Makikita mula rito ang pagsasanga-sanga o pag-aanak ng Bahaghari sa mga lugar o espasyong nangangailangan ng representasyon ng mga komunidad ng bakla upang isulong at protektahan ang kanilang mga karapatan. Ngunit sa kabila ng tagumpay na ito, kinikilala rin ng organisasyon na hindi lamang sa iisang eskwelahan talamak ang mga ganoong isyu, kaya kabilang din sa kinakampanya ngayon ng grupo ang pagkakaroon ng tinatawag nilang unified guidelines at mga polisiyang gender-inclusive para sa mga estudyante sa iba't ibang eskwelahan sa buong bansa.[55]

Pagtutol sa Mandatory ROTC

Nakabalangkas din sa praymer ng isang-taong kampanya ng Bahaghari ang tindig ng organisasyon hinggil sa panukalang ipatupad ang Mandatory Reserve Officers' Training Corps. (MROTC), o ang pagbibigay ng militar na pagsasanay sa mga estudyante ng Grade 11 at 12 at kolehiyo. Ayon sa sipi ng nasabing praymer:

> Tutol ang kabataang LGBTQ+ dahil sa pagpapalaganap ng kulturang macho, mababang pagtingin sa kababaihan at LGBTQ+, sekswal na karahasan at panliligalig, kultura ng bulag na pagsunod, hazing, korupsyon, at pati na ang mga insidente ng pagpaslang sa ilang mga estudyante na dati nang naging bahagi ng nasabing programa. Ito ay labag sa hangarin ng kabataan para sa edukasyon, serbisyo, at maayos na kinabukasan, at kasama na rito ang pagtugon sa tumitinding kaso ng pambubugbog at pang-aabuso sa mga kabataang LGBTQ+ at ang diskriminasyon sa mga paaralan.[56]

---

53 Elizabeth Marcelo & Ghio Ong. "EARIST scraps hair length policy," *Philstar.com*, March 17, 2024, accessed June 29, 2024, https://www.philstar.com/nation/2024/03/17/2341178/earist-scraps-hair-length-policy.

54 Montoya, panayam.

55 Ibid.

56 Bahaghari, "Sangkabaklaan, Magkaisa!," 3.

Kabilang sa dahilan ng pagraratsada ng MROTC ay ang umano'y pagpapalaganap ng pagkamakabayan sa kabataan. Sa isang pahayag ng pagtutol na inilabas ng Bahaghari, sinabi ng grupo na ang mabisang paraan upang ipalaganap ang pagkamakabayan sa kabataan ay ang "pagpapalakas ng edukasyon sa wika, kultura, at kasaysayang Filipino", pagtuturo tungkol sa deka-dekadang henerasyon ng mga "Pilipinong tumindig para sa soberanya, at tumutol sa pagiging alipin at papet ng mga nakaupo sa kapangyarihan"[57] (personal na salin). Tugon ang pahayag na ito kay Senador Ronald "Bato" Dela Rosa, na nagsabing dapat isama ang mga babae at mga miyembro ng LGBTQIA+ sa MROTC sa ngalan ng pagkakapantay-pantay.[58] Ngunit para sa Bahaghari, ang pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian ay nangangahulugan ng pag-angat ng estado ng lahat ng mamamayan – anuman ang kasarian – at hindi ng pagsasailalim sa programa ng militarisasyon at pang-aabuso.[59]

Sa halip na MROTC, panukala ng organisasyon ang pagpapalakas ng edukasyon hinggil sa gender sexuality at karapatang pantao. Makikita rito ang interseksyunal na pag-uugnay at pagsusuri ng Bahaghari sa mga isyung kinakaharap ng mga LGBTQIA+ at kung paanong hindi ito hiwalay sa mga usapin at problemang kinakaharap ng iba pang mga sektor ng lipunan. Ipinapakita nito na hindi maihihiwalay ang diskurso ng karapatang pambakla sa mas malaking usapin ng pagkamit ng isang maayos na lipunan para sa lahat.

Mga batayang isyu ng mamamayan mula sa iba't ibang sektor

Tampok din sa isang-taong kampanya ng Bahaghari, mula Hunyo 2024 hanggang Hunyo 2025, ang iba't ibang panawagan at kampanya na may kaugnayan sa mga pambansang isyu o usapin na nakakaapekto sa buhay, kapakanan, at karapatan ng mga LGBTQIA+. Halimbawa, bitbit ng grupo ang panawan hinggil sa pagtataas ng minimum na pasahod at pagkakaroon ng seguridad sa trabaho. Malay na ikinakabit ng Bahaghari ang mga isyung ito sa sitwasyon ng komunidad. Sa kanilang kampanyang papel, binanggit halimbawa na malaking dagok sa mga LGBTQIA+ na parlorista, freelance makeup artist, mga "gig" worker sa ilalim ng entertainment industry, manggagagawang kontraktwal, at mga manininda ang barat na pasahod sa mga ordinaryong trabahador mula sa mga nasabing propesyon.[60] Matutunghayan mula rito ang

57 Bahaghari, "SOGIE Education, not mandatory ROTC, will pave way for gender equality," Facebook, August 15, 2023, https://www.facebook.com/share/p/qf8tNPqfNwpSoARL/.

58 Maila Ager. "Escudero: Why require women to undergo ROTC? Bato invokes gender equality," *Inquirer.net*. August 9, 2023, accessed June 29, 2024, https://newsinfo.inquirer.net/1814469/escudero-why-require-women-to-undergo-rotc-bato-invokes-gender-equality

59 Ibid.

60 Bahaghari, "Sangkabaklaan, Magkaisa!," 2.

kakayahan ng organisasyon na pag-ugnayin at pagtagpi-tagpiin ang mga usapin at problemang pambansa at ang kapakanan ng mga bakla sa lipunang Pilipino. Para sa grupo, doble-pasakit para sa mga LGBTQIA+ na nakakaranas ng diskriminasyon sa lipunan ang pagkakaroon ng mababang suweldo at hindi nakakabuhay na kalagayan sa trabaho, kung kaya kaisa sila sa panawagang itaas ang sahod hindi lamang ng mga miyembro ng komunidad, kundi maging ng bawat manggagawa sa bansa.

ANG INTERKONEKSIYON NG MGA ADHIKAIN SA KALIKASAN NG BAHAGHARI BILANG ISANG LGBTQIA+ NA ORGANISASYON

Dahil organisasyong pang-LGBTQIA+ ang Bahaghari, inaasahan na mula sa grupo ang pagbitbit ng mga adhikaing sumasaklaw sa interes ng mga bakla. Ayon nga kay Herrera, "naniniwala kami na hangga't hindi namumuhay nang maayos, nang mapayapa ang mga LGBT, hindi sila malaya."[61] Ngunit batay sa kanilang mga adhikain, maituturing na malawak ang saklaw ng mga kampanya ng organisasyon, na hindi nakukulong sa usaping pangkasarian, sapagkat naniniwala ang grupo na samu't saring isyu rin ang kinakaharap ng mga LGBTQIA+ labas pa sa diskursong pangkasarian. Bilang isang pambansa-demokratikong organisasyon ng mga bakla, malay ang Bahaghari sa interseksiyonalidad ng samu't saring problemang kinakaharap ng mamamayan, na hindi hiwalay ang pakikibaka ng mga LGBTQIA+ sa laban ng iba pang sektor ng lipunan. Kung kaya bukod pa sa mga isyung kinakaharap ng mga bakla, tinutugunan din ng Bahaghari ang mga usaping nakakaapekto sa malawak na hanay ng sambayanan. Makikita ito sa mga sektoral na panawagan ng grupo kagaya ng pagtataas ng sahod.

Sabi nga ng nakapanayam ng mananaliksik:

> Naniniwala [ang Bahaghari] na sa lahat ng sektor, mayroong LGBT individuals diyan — may baklang manggagawa, may trans na BPO worker, may lesbiyanang magsasaka, may intersex na fisherfolks, may bisexual na teacher, at marami pang iba… Meaning, kung ano ang isyu nila sa [uri], sa kanilang pinanggalingan, isyu din siya supposedly [na bibitbitin] ni Bahaghari.[62]

Sa wikang pambakla, ginagamit ang salitang wafaz na nangangahulugang tunggaliin, labanan, resbakan, o wakasan. Sa konteksto ng mga kampanyang isinusulong ng Bahaghari, ginagamit din ang salitang wafaz upang ipakita ang pagtutol at paglaban ng mga bakla sa iba't ibang polisiya na inuuna ng gobyerno

61 Herrera, panayam.

62 Montoya, panayam.

sa halip na bigyang prayoridad ang ibang mahahalagang bagay, katulad ng pagpapasa ng SOGIE Equality Bill at pagtataas ng suweldo. Makikita sa mga panawagan ng grupo ang paggamit ng salitang wafaz upang ipanawagan ang pagtuligsa sa iba't ibang polisiya na nagpapahirap sa buhay ng mga LGBTQIA+ at mamamayan, kabilang na ang "ENDO (end of contract o contractualization), wafazin" at "Wafazin ang Charter Change."[63] Sa paggamit ng wikang pambakla upang irehistro ang kanilang panawagan, patuloy ang pagrampa ng Bahaghari patungo sa pag-aangkin ng kanilang identidad at pagsusulong ng mga karapatan ng kanilang komunidad.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Katulad ng isang bahagharing nabubuo matapos ang isang unos, patuloy rin ang pagsulpot ng mga kilusang panlipunang nilalahukan ng mga bakla bilang tugon sa samu't saring krisis na nagtutulak sa kanilang magkaisa at lumaban. Sinasaad sa teorya ng RAMPA na ang paglalahad ng kuwentong buhay ng mga bakla ay isang pulitikal na akto na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan, at maituturing ang paglaladlad na ito na akto ng pagrampa o pagtulay kung saan naghahawan ng landas ang kanilang boses sa pag-unawa ng espasyong bakla at nabibigyan sila ng kapangyarihan sa prosesong ito.[64] Makikita naman sa pananaliksik na ito na may malalim na pulitikal na pakikisangkot ang grupong Bahaghari batay sa pagsusulong nito ng iba't ibang adhikahin kagaya ng SOGIE Equality Bill, Inclusive Schools Now, No To Mandatory ROTC, at iba pang kampanyang pang-masa na bentahe sa iba't ibang sektor ng mamamayan. Maituturing ang pakikisangkot na ito bilang akto ng pagrampa ng mga miyembro ng organisasyon kung saan bumabalikwas sila sa kasalukuyang sistemang pangkaayusan na talamak at nananatili ang diskriminasyon laban sa mga bakla. Gaya nga ng sinasabi ng teorya ng RAMPA ni Madula, ang paglaladlad ng mga bakla, mula sa simpleng pagpapahayag ng kanilang kuwentong buhay hanggang sa mapangahas na pakikilahok sa pakikibaka, ay simbolo na rin ng paglaya mula sa mga pader na nilikha nila mismo[65] at ng lipunang nagkukulong sa kanila. Sa konteksto ng grupong Bahaghari, bukod sa simpleng paglaladlad ng kanilang identidad, ang kanilang kapasyahang makibaka ay maihahalintulad na rin sa akto ng pagrampa bilang isang pulitikal na akto na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan. Ipinapakita ng pananaliksik na ito na batay sa teorya ng RAMPA ni Madula, maaari ding iangkop ang konsepto ng pagrampa sa iba't ibang pamamaraan, aktibidad, at gawain ng mga miyembro ng sektor ng LGBTQIA+ na nagbibigay sa kanila ng

63 Bahaghari, "Sangkabaklaan, Magkaisa!," 7.

64 Madula, "Rampa sa paglaya," 66.

65 Ibid., 69.

kapangyarihan. Makikita rin sa kaligiran at kalikasan ng grupong Bahaghari na nakasandig ang organisasyon sa pambansa-demokratikong oryentasyon, kung kaya iniuugnay rin ng grupo ang kanilang mga adhikain sa iba pang mga isyung kinakaharap ng mamamayan na may pangkalahatang layunin na makamit ang isang lipunang ganap na malaya sa lahat ng porma ng pang-aapi, diskriminasyon, at opresyon. Sa pagrampa tungo sa pagkamit ng kanilang mga karapatan at pagkakapantay-pantay, bumabalikwas ang mga miyembro ng Bahaghari sa mapang-api at mapagsamantalang sistema at unti-unting lumilikha ng espasyong maaaring maging kanlungan ng mga bakla sa iba't ibang espasyo ng lipunan.[66]

Ang Bahaghari, bilang isang pambansa-demokratikong organisasyon, ay buháy na patunay na mayroong malaking papel at gampanin ang bakla sa lipunang ginagalawan niya. Mula sa pagsusulong ng mga batas na magbibigay-proteksyon sa karapatan at kapakanan ng lahat hanggang sa pag-uugat ng kahirapang dinadanas ng mga LGBTQIA+ sa iba't ibang sektor, litaw ang matalas at malalim na pagsusuri ng grupong Bahaghari sa kasalukuyang estado ng sektor ng mga LGBTQIA+ sa lipunang Pilipino, at kung ano pa ang maaaring gawin upang maiangat ang kanilang kalagayan at maisulong ang kanilang mga panawagan at karapatan. May pagkilala ang Bahaghari sa tunggalian ng uri bilang primaryang pagkilos upang makamit ang tunay na lipunang malaya sa anumang diskriminasyon at pananamantala.[67] Ibig sabihin, pinagbubuklod din ang mga bakla ng kanilang makauring paninindigan upang makamit ang patas na pagtrato sa lipunan sa bisa ng nakabubuhay na suweldo, ligtas na espasyo, at pagkakapantay-pantay para sa lahat.

Dahil naging tuon ng pag-aaral ang pagkilos ng Bahaghari sa iba't ibang balangay nito sa Pilipinas, inirerekomenda ng mananaliksik na suriin pa ang paraan ng pag-oorganisa ng mga internasyonal na balangay ng Bahaghari – partikular sa France at UK – at sipatin ang sitwasyon at danas ng mga Pilipinong diaspora na miyembro ng komunidad ng LGBTQIA+. Maaari ding gawing laman ng pag-aaral ang kritikal na diskursong analisis ng mga pahayag ng Bahaghari hinggil sa iba't ibang isyu upang mapalalim pa ang pag-unawa sa kanilang pulitikal na tindig at kung paano ito lumilitaw sa mga diskursong tampok sa kanilang wika. Puwede ring pag-aralan ang mga ispesipikong hamon na kinakaharap ng organisasyon sa pagsulong ng kanilang mga adbokasiya at gawain, lalo na sa konteksto ng kawalan ng sapat na espasyo para sa mga LGBTQIA+ sa isang heteronormatibong lipunan. Sa pangkabuuan, ang papel na ito ay isang pagtatangkang makapag-ambag sa mga pag-aaral

66 Ibid., 69.

67 Herrera, panayam.

hinggil sa kilusang LGBTQIA+ sa Pilipinas. Patunay rin ang pananaliksik na ito na nananatiling makabuluhan at mayabong ang kilusang LGBTQIA+ sa bansa sa kasalukuyan, na maituturing na isang radikal na pamana ng iba pang mga grupong pang-LGBTQIA+ na nangahas na rumampa at bumalikwas. Higit pa sa pagtatala ng mga inisyatiba at kampanyang isinusulong ng Bahaghari, ang papel na ito ay isang pagkilala sa giting at tapang ng mga bakla na angkinin ang kanilang espasyo at isulong ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng isang patriarkal at macho-pyudal na lipunan.

Statements and Declarations

The author did not receive support or funding from any organization for the submitted manuscript.

Disclosure statement

The author has no conflict of interests to declare. The author has thoroughly reviewed the contents of the manuscript and concludes that there is no financial interest to report. The submitted manuscript is original work and is not under review at any other publication.

Ackwnoledgement

The author would like to express its sincere appreciation to Bahaghari, specifically Olivia Herrera and Reign Montoya, for contributing greatly to the content and data of this research study.

Ethical approval

No ethical approval was needed for this study because it did not involve any interviews with minors or persons who require utmost confidentiality. Consent was also secured from the two interviewees who are of legal age.

BIBLIOGRAPIYA

Abad, Michelle. "TIMELINE: The killing of Jennifer Laude and release of Joseph Scott Pemberton." *Rappler* (Pasig, Metro Manila), September 9, 2020. Accessed June 29, 2024. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/timeline-jennifer-laude-killing-joseph-scott-pemberton-release/.

Alzaga, Roselle, Dara Ilaya, and Maui Magat. "Katumbas na halaga ng bahaghari: komodipikasyong kapalit ng representasyon sa LGBTQIA+ community." *Ang Pahayagang Plaridel* (Manila), August 13, 2022. Accessed October 1, 2024. https://www.plaridel.ph/index.php/2022/08/13/katumbas-na-halaga-ng-bahaghari-komodipikasyong-kapalit-ng-representasyon-sa-lgbtqia-community/.

Ager, Maila. "Escudero: Why require women to undergo ROTC? Bato invokes gender equality." *Inquirer.net* (Makati, Metro Manila), August 9, 2023. Accessed June 29, 2024. https://newsinfo.inquirer.net/1814469/escudero-why-require-women-to-undergo-rotc-bato-invokes-gender-equality.

Ashley, Colin P. "Gay Liberation: How a Once Radical Movement Got Married and Settled Down." *New Labor Forum* 24, no. 3, (2015): 28–32. http://www.jstor.org/stable/24718619.

Atienza, Monico. "Filipino ng Kilusang Pambansa-demokratiko (KPD): Pilosopiya at Pulitika Sa Pambansang Wika." *Philippine Social Sciences Review* (1998): 170–192. https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/view/1694.

Bahaghari. "No to another Jennifer! Junk VFA-EDCA! Pahayag ng Bahaghari-Metro Manila." Facebook, October 11, 2018. https://www.facebook.com/share/p/CeXjSCEJQfE9ZJ9o/.

Bahaghari. "#AchibDisBill2020." Facebook, September 13, 2019. https://www.facebook.com/share/v/zMGhCLcqYBrQiTfH/.

Bahaghari. "Today, Bahaghari visited members of the LGBTQ+ community in Brgy. Mambugan, Antipolo for an in-depth discussion on the SOGIE Equality Bill." Facebook, February 18, 2022. https://www.facebook.com/share/p/weMoPvaVVdTqvv3e/.

Bahaghari. "No to Mandatory ROTC, Yes to SOGIESC Education!." Facebook, November 17, 2022. https://www.facebook.com/share/p/AYjWJFVX8G3ajFy4/.

Bahaghari. "SOGIE Education, not mandatory ROTC, will pave way for gender equality." Facebook, August 15, 2023, https://www.facebook.com/share/p/qf8tNPqfNwpSoARL/.

Bahaghari. "Angkas collaborates with Bahaghari and Gabriela Partylist to promote SOGIESC on platform workers." Facebook, June 19, 2024. https://www.facebook.com/share/p/ijxw2yiJt6CVuXiQ/.

Bahaghari. "#AchibDisBill!," Carrd.co. Accessed June 29, 2024. https://achibdisbill.carrd.co/.

Bahaghari. "Sangkabaklaan, Magkaisa! Ipaglaban ang Sahod, Trabaho, Soberanya, at Karapatan! Wafazin ang Charter Change ng Rehimeng US-Marcos!: Isang Taong Kampanya ng Bahaghari."

Briones, Jervy. "Rainbow Guerrillas: Gay and Lesbian Narratives inside the Revolutionary Movement in Mindanao." *Kritika Kultura* 39, (2022): 498-519. 10.13185/KK2022.003923.

Bueza, Michael. "EXPLAINER: Visiting Forces Agreement." *Rappler* (Pasig, Metro Manila), January 31, 2020. Accessed June 29, 2024. https://www.rappler.com/newsbreak/iq/250406-explainer-visiting-forces-agreement/.

Cannon, Sheila M. ""Legitimacy as Property and Process: The Case of an Irish LGBT Organization." *Voluntas: International Journal of Voluntary and Nonprofit Organizations* 31, no. 1, (2020): 39–55. https://www.jstor.org/stable/48732857.

Cupin, Bea. "'Largest Balikatan': What you need to know about the 2024 PH-US military exercise." *Rappler* (Pasig, Metro Manila), April 17, 2024. Accessed June 29, 2024. https://www.rappler.com/philippines/things-to-know-balikatan-united-states-military-drills-2024/.

Delos Reyes, Rod Charlie and Mark André Blanco. "Anti-Discrimination Bill Based on SOGIE: An Occupational Justice Perspective." *Journal of Social Health* 5, no. 1, (2022): 79–84. https://socialhealthjournal.ust.edu.ph/anti-discrimination-bill-based-on-sogie-an-occupational-justice-perspective/.

Evangelista, John Andrew. "Beyond Partying: Characterizing the LGBTQ Movement in the Philippines." *Philippine Social Sciences Review* 70, no. 2, (2021): 45–74. https://journals.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/view/7914.

Garcia, J. Neil. *Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.

Herrera, Olivia. Panayam. 2024. Panayam kay Gabriel Joseph Barroso. Zoom. Hulyo 5, 2024.

Ildefonso, Tracy. "SOGIE equality bill deliberations in the 18th Congress of the Philippines: a persisting battle against discrimination." *South East Asia Research* 32, no. 1, (2024): 95-111. https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/0967828X.2024.2320819.

Kelly, Maura and Amy Lubitow. "Pride at Work: Organizing at the Intersection of the Labor and LGBT Movements." *Labor Studies Journal* 39, no. 4, (2015): 257-277. https://doi-org.dlsu.idm.oclc.org/10.1177/0160449X14567806.

Madanguit, Hans Kevin. "THE FIGHT FOR EQUALITY: The Advancement of SOGIE Equality Bill in the Philippines." Sanaysay, Human Rights and Gender Problems in Asia Pacific, Chulalongkorn University, 2021.

Madula, Rowell. "Espasyong Bakla Sa Rebolusyong Pilipino: Pagsipat Sa Paglaladlad Ng Lihim Na Katauhan Sa Lihim Na Kilusan." *Malay* 21, no. 2, (2009): 45–57. https://ejournals.ph/article.php?id=7941.

Madula, Rowell. "Kuwentong Buhay Ng Isang Pambansa-Demokratikong Rebolusyonaryong Bakla sa Rehiyon Ng Katimugang Mindanao." *Humanities Diliman* 13, no. 2, (2016): 27–48. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/5160.

Madula, Rowell. "Rampa sa paglaya: Paglalakbay ng mga bakla sa sangandaan ng pag-ibig at pakikibaka." PhD diss., De La Salle University, 2012. Animo Repository (CDTG005157).

Marcelo, Elizabeth, and Ghio Ong. "EARIST scraps hair length policy." *Philstar.com* (Taguig, Metro Manila), March 17, 2024. Accessed June 29, 2024. https://www.philstar.com/nation/2024/03/17/2341178/earist-scraps-hair-length-policy.

Metro Manila Pride. "The Fight for LGBTQIA+ Protection in the Philippines," MMPride.org. Accessed June 29, 2024. https://mmpride.org/protections/.

Montoya, Reign. Panayam. 2024. Panayam kay Gabriel Joseph Barroso. Zoom. Hulyo 25, 2024.

Partido Komunista ng Pilipinas. *Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino*. 4th ed. 2020.

Pascual, Chuckberry. "Cine Cine Bago Quiere: Homoseksuwalisasyon ng Espasyo ng Sinehan." *Katipunan Journal* 0, no. 2, (2017): 1–16.

Soriano, Cheryll Ruth. "Constructing Collectivity in Diversity: Online Political Mobilization of a National LGBT Political Party." *Media, Culture, and Society* 36, no. 1, (2014): 20-36.

Sison, Jose Maria. "The Filipino People's Democratic Revolution is Invincible," Philippine Revolution Web Central. Accessed June 29, 2024. https://philippinerevolution.nu/statements/the-filipino-peoples-democratic-revolution-is-invincible/.

Virtudes, Sofia. "C'mon guys, it's 2020: Debunking LGBTQ+ stereotypes." *Rappler* (Pasig Metro Manila), June 26 2020. Accessed June 29, 2024. https://www.rappler.com/moveph/264832-debunking-lgbtq-stereotypes/.

ABOUT THE AUTHOR

Si Gabriel Joseph A. Barroso ay gradwadong mag-aaral ng Pamantasang De La Salle – Maynila sa ilalim ng programang MA Araling Filipino – Wika, Kultura, at Midya. Nakamit niya ang kanyang batsilyer sa Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kasalukuyan siyang Message Writer II sa National Book Development Board of the Philippines. Bago ito, nagsilbi siyang Social Media Production Staff sa CNN Philippines at isang freelance writer. Kabilang sa kanyang erya ng pananaliksik ang mga usaping umiinog sa mga kilusang panlipunan, media studies, alternatibong midya, at gender studies.